WHD
U.S. Wage and Hour Division

Makakatulong Po Kami!

Paano Magsumite ng Reklamo

U.S. Department of Labor, Wage and Hour Division

Para sa tulong, makipag-ugnay sa amin sa
1-866-4-USWAGE
(1-866-487-9243)
www.wagehour.dol.gov

Mga Isyu sa Sahod at Oras sa Pinagtatrabahuhan na Ipinapatupad ng WHD

Oras
Pasahod
Batang Manggagawa
Obertaym
Listahan ng Oras at Pasueldo
Konstrukyon na Gobierno
Oras na nagtrabaho
Pagpapatupad ng Batas sa Pagtatrabaho
Pinakamababang Pasahod
Nananaig na Pasahod
Konstruksyon
Leave para sa Pamilya
Mga Kontrata ng Serbisyo
Mga Kontrata ng Pamahalaan
Pagtatrabaho sa Bukid

WH-1498 Tagalog

Ang Wage and Hour Division (WHD) ng U.S. Department of Labor ay responsable para sa pangangasiwa sa at pagpapatupad ng ilan sa pinakamahahalagang batas sa pagprotekta ng manggagawa sa bansa. Nakatuon ang WHD sa pagtiyak na binabayaran nang tama ang mga manggagawa sa bansang ito at para sa lahat ng oras na nagtrabaho sila, nang hindi isinasaalang-alang ang immigration status.

Kung mayroon kayong mga katanungan o alalahanin, maaari kayong makipag-ugnay sa amin sa **1-866-487-9243** o bumisita sa **www.wagehour.dol.gov.** Ididirekta kayo sa pinakamalapit na tanggapan ng WHD para sa tulong. May mahigit sa 200 tanggapan ng WHD sa buong bansa na may mga bihasang propesyonal para tulungan kayo. Kapaki-pakinabang ang impormasyon sa ibaba upang magsumite ng reklamo sa WHD:

- Inyong pangalan
- Inyong address at numero ng telepono (paano makikipag-ugnay sa inyo)
- Ang pangalan ng kumpanya kung saan kayo nag(ta)trabaho
- Lokasyon ng kumpanya (maaaring naiiba ito sa kung saan kayo nagtrabaho)
- Numero ng telepono ng kumpanya
- Pangalan ng manager o may-ari (kanino kami dapat makipag-usap)
- Uri ng trabahong ginawa mo
- Paano at tuwing kailan ka binabayaran (hal. cash o tseke bawat Biyernes)

Nakakatulong ang anumang karagdagang impormasyon na maibibigay ninyo, gaya ng mga kopya ng pay stub, mga personal na tala ng oras na nagtrabaho, o iba pang impormasyon sa mga kasanayan sa pagbabayad ng employer.

Libre at kumpidensyal ang lahat ng serbisyo, kahit na may dokumento kayo o wala. Pakitandaan na hindi kayo maaaring alisin sa trabaho ng inyong employer o mag-discriminate laban sa inyo sa anumang paraan dahil sa pagsusumite ng reklamo sa WHD.

Kung hindi man kayo matulungan ng WHD, gagawin ang lahat upang isangguni kayo sa naaangkop na ahensya o organisasyon.